USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Paglilinis at Pagdi-disimpekta ngmgaKulungan sa Manukan

Ang pagpapanatili ng mga bahay at iba pang kulungan ng manok ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang mga mikrobyo mula sa pagkalat sa mga kawan ng manok. Ang isang masusing paglilinis, at pagkatapos ay ang paglalagay ng mga pandisimpekta, ay kumakain ng oras. Ngunit ang proseso ay mahalaga upang iwasan na kumalat ang sakit at panatilihing malusog ang ating mga kawan.

Kung nakakita ka o may pinahihinalaang anumang di-karaniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensiyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong Mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga nag-aalagang pang-komersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- ☐ **Magsuot ng personal na kagamitang pamproteksyon** o damit at sapatos na ginagamit mo lamang kapag nag-aalaga sa iyong manok. Kabilang dito ang takip ng bota o mga bota na maaaring disimpektahin. Magpalit ng bagong damit pamproteksyon sa tuwing lilipat ng bahay o kulungan ng manok.
- ☐ **Dapat walang laman ang mga kulungan para sa masinsing paglilinis.** Kung mayroon kang bahay manukan, maghintay hanggang wala nang laman ang bahay para simulan ang proseso ng paglilinis. Kung mayroon kang kulungan o iba pang tipo ng bakod, ilipat ang mga manok sa hiwalay na lugar bago maglinis.
- ☐ **Alisin ang lahat ng mga kalat, dumi, at iba pang basura.**
- ☐ **“Tuyong” linisin ang lahat ng mga lugar**—kuskusin, kayurin, at palahin ang mga dumi, pakpak, at iba pang mga bagay. Hindi tatagos ang pandisimpekta sa organic matter o namumuong dumi.
- ☐ **"Basang" linisin ang lahat ng mga ibabaw**—kuskusin nang may tubig at sabon. Gawin mula taas hanggang ibaba at likod papunta sa harap.
- ☐ **Banlawang mabuti ng tubig ang lahat ng mga ibabaw.**
- ☐ **Lagyan ng pandisimpekta** ayon sa mga tagubilin na nasa label. Tiyaking gumamit ng isang pandisimpekta na rehistrado ng Ahensya ng Proteksyon sa Kapaligiran sa Estados Unidos o US Environmental Protection Agency (EPA) at nagpapahiwatig na ito ay epektibo laban sa avian influenza at iba pang mga sakit ng manok.
- ☐ **Iwanan ang kulungang walang laman** hanggang sa ito ay ganap na tuyo. Gumamit ng mga bentilador at/o buksan ang mga pinto at bintana para makatulong sa pagpapabilis sa proseso ng pagpapatuyo. Ang mga basang ibabaw ay maaaring makasama sa manok.
- ☐ **Kapag tapos ka na, alisin at itapon** ang iyong suot pamproteksyon. Kung gumagamit ng dedikadong damit at bota, magpalit ng damit at linisin at disimpektahin ang iyong mga bota.
- ☐ **Hugasan nang husto ang iyong mga kamay** ng sabon at tubig. Hugasan at patuyuin ang damit na ginamit para sa paglilinis.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano mapapanatiling malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-1 • Inilabas Nobyembre 2018

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram, at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Kagamitan at Mga Sasakyan

Kung ikaw man ay bahagi ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon/ manok bilang isang libangan, maaari kang makatulong na protektahan ang mga manok ng Bansa sa pamamagitan ng pagpapanatili ng iyong mga kagamitan at sasakyan na malinis at walang mikrobyo. Tiyaking alam at sinusundan ng lahat ng nakakalapit sa iyong kawan ang lahat ng mga pamamaraan upang maiwasan ang pagkalat ng mga mikrobyo at sakit.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaang anumang hindi karaniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensiyon na tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong Mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pang-komersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- [ ] **Linisin ang mga kagamitan at sasakyan** gamit ang sabon at tubig bago at pagkatapos silang lumapit sa iyong kawan. Siguraduhing ispreyan ang mga gulong at ilalim ng mga sasakyan, kung saan may malamang na kontak sa nakakahawang bagay. Maaaring mabuhay ang mga mikrobyo ng ilang buwan—o maging ilang taon—sa maliliit na puwang na mahirap linisin.

- [ ] **Huwag maghiraman ng mga kasangkapan, mga supply ng manok, o mga kagamitan sa damuhan at hardin** sa iba pang mga may-ari ng kawan o kapitbahay. Kung kinakailangan, siguraduhing linisin at disimpektahin ang mga gamit bago dumating ang mga ito sa iyong ari-arian o bago isauli ang mga ito.

- [ ] **Magtatag ng mga pamamaraan para sa paglilinis at pagdidisimpekta ng mga kagamitan at sasakyan.** Huwag matakot na baguhin ang mga pamamaraang ito kung makakita ka ng problema o kung may bagay na hindi epektibo o praktikal. Laging mayroong lugar para sa pagpapabuti.

- [ ] **Magbigay ng malinaw at hindi pabagu-bagong tagubilin** sa lahat ng namamahala sa iyong mga kagamitan o sasakyan.

- [ ] **Tukuyin ang mga landas kung saan ang mga trak, sasakyan, at iba pang kagamitan** ay maaaring maglakbay upang ma-access ang lugar ng iyong manukan. Makakatulong ito na limitahan ang pagkalat ng mga mikrobyo at sakit.

- [ ] **Alamin ang mga babalang palatandaan ng sakit ng manok,** tulad ng mga pagbabago sa kung gaano karami kumain o uminom ang iyong mga manok, pagdami ng kamatayan sa iyong kawan, o pangkalahatang sakit.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-2 • Inilabas Nobyembre 2018

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist para sa mga Kawani at Bisita

Kung ikaw man ay bahagi ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, ikaw at ang lahat ng nag-aalaga sa iyong kawan ay may papel sa pagpapanatili ng kalusugan ng mga manok ng bansa. Upang maiwasan ang pagkalat ng sakit, limitahan ang pag-access sa iyong mga manok at ari-arian. Ang sinumang nakakalapit sa iyong kawan, kasama ang mga bisita at kamag-anak, ay dapat gumamit ng personal na kagamitang pamproteksyon upang mapanatili ang biosecurity.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensiyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip na makakatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pang-komersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang site ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- [ ] **Panatilihin ang mga karaniwang gawain** para ang lahat ng mapapalapit sa iyong kawan ay susunod sa parehong mga pamamaraan. Huwag kang matakot na baguhin ang mga pamamaraang ito kung nakakita ka ng problema o kung may bagay na sadyang hindi epektibo o praktikal. Laging mayroong lugar para sa pagpapabuti.
- [ ] **Mag-alok ng regular na pagsasanay sa gawi sa biosecurity** sa iyong mga kasalukuyang empleyado at anumang bagong tanggap. Itinataas ng pagsasanay ang pagsunod at nakatutulong na siguruhin na palaging sumusunod ang bawat isa sa mga pamamaraan.
- [ ] **Gumamit ng personal na kagamitang pamproteksyon** gaya ng nahuhugasang sapatos o mga takip ng sapatos, guwantes, coverall, at takip sa buhok kapag hahawak ng mga manok. Ang mga bagay na ito ay dapat na suot lamang habang inaalagaan ang iyong manok—hindi kailanman sa ibang lugar—at palitan sa tuwing lilipat ng kulungan ng manok upang maiwasan ang pagkalat ng sakit.
- [ ] **Bigyan ang mga bisita at mga kamag-anak** ng susuoting personal na kagamitang pamproteksyon kapag lalapit sila sa iyong mga manok.
- [ ] **Laging tanungin ang mga bisita** kung nakalapit sila sa mga ligaw na ibon o mga alagang ibon o kung mayroon silang sariling manukan. Kung gayon, hindi sila dapat lumapit sa iyong kawan. Ang ilang mga nagdadala ng sakit ng ibon ay maaaring makaligtas sa ilong ng isang tao, nang hindi aktwal na nahahawahan ang tao, sa loob ng 2 araw.
- [ ] **Linisin at disimpektahin ang mga kagamitan** para alisin ang mga dumi, balahibo, at kalat. Ang mga tagapagdala ng sakit ay maaaring makaligtas nang maraming buwan sa loob ng mga organic na bagay na ito, kaya siguraduhing walang mababakas sa loob o labas ng mga bahay at kulungan ng manok.
- [ ] **Huwag maghiraman ng mga kasangkapan, supply ng manok, o kagamitan sa damuhan o hardin** sa iba pang mga may-ari ng kawan o mga kapitbahay. Kung kailangan mo, siguraduhing linisin at disimpektahin ang mga gamit bago makarating ang mga ito sa iyong ari-arian at bago sila isauli.
- [ ] **Alamin ang mga babalang palatandaan ng sakit sa manok,** tulad ng mga pagbabago sa kung gaano karami kumain o uminom ang iyong mga manok, pagtaas ng bilang ng kamatayan sa iyong kawan, o pangkalahatang sakit.

## Alam mo ba?

*Ang personal na kagamitang pamproteksyon ay pipigil sa pagkalat ng sakit sa dalawang mahahalagang paraan: 1, tinatakpan nito ang anumang mikrobyo na iyong dinadala, at 2, pinipigilan ang anumang bagong mikrobyo na iyong nakuha para hindi mo ito maikalat sa susunod na kulungan.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-3 • Inilabas Nobyembre 2018

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram, at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist Sa Pagprotekta Laban Sa Mga Ligaw na Ibon, Daga, at Insekto

Ang pagkain, tubig, at kanlungan sa mga lugar kung saan nakatira ang mga ibon ay pang-akit ng mga ibon na ligaw, daga, at mga insekto. Mahalagang protektahan ang iyong mga manok mula sa mga mikrobyo at mga sakit na maaaring dala ng mga peste: mga insekto at iba pang parasito, mga virus na gaya ng avian influenza, mga bakterya gaya ng Salmonella at Campylobacter, o iba pang mga tagapagdala ng sakit. Kung ikaw man ay bahagi ng malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, tiyakin na ang lahat na may access sa iyong kawan ay sumusunod sa mga gawi sa biosecurity upang pigilin ang mga bantang ito.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| **Beterinaryo** | ______________ |
| **Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ______________ |
| **Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ______________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan.

- [ ] **Unawain kung ano ang maaaring sanhi ng panganib sa sakit:** hindi lamang ang mga ligaw na ibon at peste. Ang mga balahibo, mga pugad, dumi, at iba pang mga organikong bagay ay maaari ding magdala ng sakit. Ang mga bagay na ito ay maaaring makalapit sa iyong kawan sa pamamagitan ng mga bakod/kulungan ng manok, feed at supply ng tubig, at kahit na mga sasakyan sa iyong ari-arian.
- [ ] **Regular na suriin ang mga kulungan at bahay-manukan** para sa mga lugar na pinapayagan ang mga ibon na dumapo, magpugad, o pumasok. Kasama sa mga ito ang pinalawak na eaves ng bubong, bentilasyon ng rooftop, mga kawad sa itaas, mga punit na screen, butas, at mga sirang bukasan ng pinto. Ang mga konkretong apron sa paligid ng mga pader ng gusali ay nakahadlang sa mga naglulunggang hayop.
- [ ] **Walisin ang mga lumang pugad bago ang panahon ng pamumugad**—ang mga ibon ay babalik sa parehong mga pugad taun-taon.
- [ ] **Linisin at disimpektahin ang mga kulungan ng manok.** Kabilang dito ang pag-aalis at pagtatapon ng mga dumi. Madaling mahawahan ng mga ibong maysakit ang mga straw at iba pang higaan.
- [ ] **Huwag bigyan ang mga ligaw na ibon, daga, at insekto ng libreng tanghalian!** Alisin ang lumigwak o hindi nakaing pakain sa lalong madaling panahon, at siguraduhing sarado ang mga lalagyan ng pakain at walang mga butas.
- [ ] **Protektahan ang suplay ng tubig ng iyong kawan.** Siguraduhing hindi ito mapapasok ng mga ligaw na ibon, daga, at iba pang mga peste. At kung maaari, gumamit ng supply ng tubig galing munisipyo o na-treat na tubig-balon para alam mong malinis ito.
- [ ] **Huwag maglakad o magmaneho ng mga trak, traktora, o kagamitan** sa mga lugar kung saan maaaring mayroong dumi ng waterfowl o iba pang mga hayop. Kung hindi mo ito maiiwasan, linisin nang mahusay ang iyong mga sapatos, sasakyan, at/o kagamitan upang maiwasan ang pagdadala ng mga tagapagdala ng sakit pabalik sa iyong kawan.
- [ ] **Alamin ang mga babalang palatandaan ng sakit sa manok,** tulad ng mga pagbabago sa kung gaano karami kumain o uminom ang iyong mga ibon/manok, tumaas na bilang ng kamatayan sa iyong kawan, o pangkalahatang sakit.

## Tiyaking:

*Alamin kung kailan ang paglipat ng mga ligaw na ibon sa iyong lugar. Maging sobrang maingat sa panahong ito upang protektahan ang iyong kawan mula sa mga nakakahawang sakit. Kung makakita ka ng mga pugad ng katutubong ibon na may mga itlog o sisiw sa loob nito, makipag-ugnayan sa iyong ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-4 • Inilabas Nobyembre 2018

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagdadagdag o Pagpapalit ng Manok

Ang pagsisimula sa malulusog na manok ay ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling ligtas ang mga kawan mula sa sakit. Ang ibig sabihin nito ay ang pagbili ng iyong manok mula sa mga mapagkukunan na kalahok sa Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan (NPIP, www.poultryimprovement.org). Laging magsagawa ng mahusay na biosecurity upang matiyak na ang iyong mga kawan ay nananatiling malusog at walang sakit.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

| | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng NPIP.

- ☐ **Bumili o kumuha ng manok** mula lamang sa sertipikadong taga-breed, pamisaan, at dealer ng NPIP. Kapag kumukuha ng kapalit na manok, maaari kang humiling ng kopya ng mga protokol sa biosecurity ng pamisaan o pinagkukunang manukan.
- ☐ **Kumpirmahin na ang manok na iyong binibili** ay nasuring malinis mula sa parehong mga sakit na kung saan nasuri rin ang kasalukuyang kawan mo.
- ☐ **Kapag personal na bumibili ng manok,** suriin para sa mga palatandaan ng mabuting kalusugan at tinatayang edad. Huwag bumili ng mga ibon na tila matanda na o hindi malusog.
- ☐ **Laging ibiyahe ang kapalit o bagong manok** sa mga kagamitan at sasakyan na regular na nalilinis, dinidisimpekta, at iniinspeksyon. Para sa mga komersyal na operasyon, ang traktora / trailer na nagdadala ng mga manok ay dapat sumunod sa mga protokol ng biosecurity sa pagpasok sa lugar.
- ☐ **Tiyaking linisin at disimpektahin** ang mga kasangkapan, kulungan, at anumang iba pang kagamitan na ginagamit para sa transportasyon. Ibalik ang mga walang laman na kulungan sa trailer at pagkatapos ay linisin at i-decontaminate ang mga kulungan bago sila dalhin sa ibang lugar.
- ☐ **Magsuot ng damit na partikular sa isang lugar,** kabilang ang sapatos, kapag naglo-load o naghahatid ng manok. Para sa komersyal na operasyon, ang mga tauhan na naglo-load ng mga kulungan ng manok sa trailer ay dapat magsuot ng damit na partikular sa isang lugar o huwag nang pumasok sa Linya ng Paghihiwalay.
- ☐ **Kapag nasa bahay, i-quarantine ang mga bagong dagdag** sa loob ng 30 araw. Suriin kung mayroong pagbahing, pag-ubo, nasal drainage, pamamaga ng mata, mga insekto, kuto, at iba pang mga isyu sa kalusugan araw-araw.
- ☐ **Pagkatapos pagsamahin ang mga bagong ibon kasama ang dati mo nang kawan,** suriin ang orihinal na kawan araw-araw para sa anumang palatandaan ng sakit. Ang bigat ng pagbabagong ito ay maaaring maging sanhi ng paglitaw ng sakit na matagal nang nasa loob.
- ☐ **Upang maiwasan ang pang-aapi,** huwag magdagdag ng mga batang manok sa iyong dati nang kawan hanggang sa ang lahat ng manok ay halos magkakasinglaki na.

## Alam mo ba?

*Nag-aalok ang mga mail-order na pamisaan ng mga bakuna para sa isang-araw na gulang na sisiw. Suriin ang mga kinakailangang bakuna sa iyong lugar batay sa mga nakaraang paglaganap ng sakit at kung anong mga bakuna ang ibinibigay ng pamisaan.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-5 • Inilabas Marso 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, .

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Paggamit ng isang Linya ng Paghihiwalay

Ang mga sakit sa manok ay sanhi ng maliliit na virus, bakterya, at iba pang mga mikroskopikong particle. Maaari silang nagkalat sa lahat ng lugar, kaya mahalaga na maiwasan ang paglipat o pagkalat ng mga ito sa iyong mga damit, sapatos, o kagamitan. Ang pinakamahusay na paraan upang gawin ito ay ang pagkakaroon ng malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng iyong lugar ng manok (kung saan pinananatili ang iyong mga ibon) at ang iba pa sa mundo. Ang isang linya ng paghihiwalay ay isang functional line na naghihiwalay sa bahay ng manok o enclosure (at ang mga manok sa loob) mula sa pagkakalantad sa mga potensyal na mapagkukunan ng sakit. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, ang paggamit ng isang linya ng paghihiwalay ay magpoprotekta ng kalusugan ng iyong mga ibon.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ______________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ______________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ______________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Paggamit ng Linya ng Paghihiwalay

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Tukuyin ang iyong linya ng paghihiwalay.** Isama ang iyong buong bahay ng manok/enclosure at anumang mga lugar ng pag-access sa labas. Magkaroon lamang ng isang pasukan upang mas mahusay na makontrol kung sino at kung ano ang tumatawid sa linya. Kung maaari, markahan ang linya ng may kulay na tape.
- [ ] **Kung ang iyong mga kawan ng manok ay may access sa labas na hindi nakaharang o enclosed, ang isang linya ng paghihiwalay ay hinihikayat pa rin.**
- [ ] **Sa iyong planong pang-biosecurity, iguhit ang mga hangganan para sa iyong mga lugar ng manok at malinaw na ibalangkas kung ano ang dapat gawin ng mga tagapag-alaga, bisita, o mga supplier kapag tumatawid dito.** Kasama dito kung paano ilipat ang mga ibon, personal na bagay, pagkain, sasakyan, kagamitan, at mga supply. Magbigay ng pagsasanay sa mga patakaran.
- [ ] **Sa iyong lugar ng pasukan, maglagay ng isang lugar para sa pagpapalit ng kasuotan sa paa at panlabas na damit bago pumasok.** Sa loob, magkaroon ng isang lugar para sa paglalagay ng kasuotan sa paa at panlabas na damit na para sa lugar na ito lamang pagkatapos tumawid sa linya ng paghihiwalay.
- [ ] **Magpaskil ng mga karatula sa lugar ng pasukan na nagpapaalala sa lahat ng mga hakbang na kailangan nilang gawin upang tumawid sa linya ng paghihiwalay.**
- [ ] **Magkaloob ng mga coverall, kasuotan sa paa, at mga kagamitan sa paglilinis/pagdidisimpekta na para sa lugar na ito lamang.**
- [ ] **Magkaroon ng isang lababo na may tumatakbong tubig at sabon o sanitizer ng kamay sa lugar ng pasukan.** Magpaskil ng mga karatula na nagpapaalala sa mga tao na linisin ang kanilang mga kamay.
- [ ] **Panatilihin ang isang talaan ng mga pumapasok.** Ilista kung sino o kung ano ang tumatawid sa iyong lugar ng manukan (mga tao, manok, pagkain, sasakyan, kagamitan) at kailan pumapasok at lumalabas ang mga iyon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-6TL | Inilabas Hulyo 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist Upang Iulat ang Hindi Karaniwang mga Pagkamatay

Habang ang lahat na nagpapalaki ng mga manok ay nagtatrabaho nang husto upang mapanatiling malusog at buo ang kanilang mga kawan, ang katotohanan ay sa kalaunan ay makakatagpo ka ng mga patay na ibon sa loob ng iyong kawan. Ngunit ano ang normal at kailan ka may problema? Mahalagang malaman kung kailan ka maaaring magkaroon ng isang isyu at kung ano ang aasahan mula roon. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nag-aalaga ng mga ibon bilang isang libangan, siguraduhin na alam mo kung kailan at kung paano mag-ulat ng mas mataas-kaysa-normal o hindi maipaliwanag na mga pagkamatay ng ibon.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maagang kumilos, mas madaling pigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Pag-uulat ng Hindi Karaniwang mga Pagkamatay

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- ☐ **Alamin kung kailan dapat mag-alala:** Ang ilang pagkamatay ng ibon ay normal. Ang isang malaking porsyento ng mga patay o namamatay na ibon sa iyong kawan ay hindi normal.

- ☐ **Tanggalin ang mga dahilan na malinaw na nakikita**, tulad ng mga mandaragit, isyu sa panahon, o iba pang mga panlabas na kadahilanan. Hindi mo kailangang iulat ang mga pagkamatay ng ibon, ngunit isaalang-alang ang pagtugon sa sanhi upang maiiwasan mo itong mangyari ulit.

- ☐ **Kung nakakita ka ng mga palatandaan ng sakit sa iyong kawan, bigyang pansin ang iyong nakikita.**

- ☐ **I-ulat kaagad ang anumang mga palatandaan ng sakit** o hindi maipaliwanag na mga pagkamatay sa mga opisyal ng kalusugan sa hayop. Makakatulong ito upang maiwasan ang pagkalat ng sakit at protektahan ang mga kalapit na kawan.

**Maghanap ng mga palatandaan ng sakit:**

- *Nabawasan ang enerhiya o ganang kumain*
- *Mas kaunti ang pangingitlog; malambot na mga itlog o wala sa hugis na mga itlog*
- *Pamamaga ng ulo, talukap ng mata, palong, wattle, at paa ng manok*
- *Pagiging kulay lila o pangingitim ng mga wattle, palong, at paa*
- *Hirap sa paghinga*
- *May sipon, bumabahing*
- *Pag-twist ng ulo at leeg*
- *Nadadapa o natutumba*
- *Pagtatae*
- *Nabawasan ang aktibidad*
- *Mga panginginig*
- *Pag-ikot*
- *Ganap na paninigas/kawalang-kilos*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-7TL | Inilabas Hulyo 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Paggamit ng isang Perimeter Buffer Area

Kapag nag-aalaga sa iyong manok, kailangan mong ma-access ang pang-araw-araw na mga supply at kagamitan. Kasabay nito, kailangan mong maiwasan ang pagdala sa paligid ng mga mikrobyo na maaaring magdulot ng sakit sa iyong mga ibon. Ang pagkakaroon ng malinaw na paghihiwalay sa pagitan ng iyong lugar ng manok (kung saan pinananatili ang iyong mga ibon) at ang iba pa sa mundo ay makakatulong sa iyo na matugunan ang parehong pangangailangan na ito. Maaari kang magtatag ng isang perimeter buffer area: isang zone sa labas ng iyong mga enclosure ng ibon na nagbibigay sa iyo ng puwang para magtrabaho habang pinangangalagaan ang iyong mga ibon, ngunit hiwalay mula sa natitirang bahagi ng iyong pag-aari. Sa mga maliliit na bukid at sa mga likod-bahay, ito ay maaaring isang lugar sa paligid ng kulungan o kamalig kung saan mo itinatago ang iyong lalagyan ng patuka at kagamitan. Sa mas malalaking bukid, maaaring kabilang sa perimeter buffer area ang mga lalagyan ng patuka, kamalig ng pataba, lugar para sa pag-compost, silid ng mga itlog, generator, at silid ng pambomba. Bahagi ka man ng isang malaking komersyal na negosyo o nagpapalaki ng mga ibon bilang libangan, ang pagpapanatili ng mga aktibidad na may kaugnayan sa ibon sa loob ng isang perimeter buffer area--at hindi isinasama rito ang mga aktibidad na walang kaugnayan sa ibon--ay makakatulong na maiwasang magkasakit ang iyong mga manok.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba agad-agad. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

| | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Paggamit ng Perimeter Buffer Area

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, mangyaring sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga nag-aalagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Itatag ang perimeter buffer area na may sapat na puwang upang makumpleto ang lahat ng iyong mga normal na gawain na nauugnay sa ibon** (maliban sa pag-alis ng mga patay na ibon) nang hindi umaalis sa lugar ng buffer.

- [ ] **Magsama ng isang mapa na malinaw na binabalangkas ang perimeter buffer area sa iyong planong pang-biosecurity.** Ilista ang mga patakaran na dapat sundin ng mga tao kapag pumapasok o umaalis sa lugar na ito. Magbigay ng pagsasanay at magpaskil ng mga karatula upang ipaalala sa mga tao ang mga hakbang na kailangan nilang gawin.

- [ ] **Huwag papasukin ang mga di-mahahalagang tao at bagay, kabilang ang mga sasakyan sa buffer area.** Magkaroon ng isang parking area sa labas ng buffer area, na may malinaw na pasukan na malapit sa buffer area.

- [ ] **Hilingin na linisin at disimpektahin ang anumang sasakyan o kagamitan na pumapasok sa perimeter buffer area** bago pumasok at bago umalis sa buffer area.

- [ ] **Pag-isipang maglagay ng isang naka-lock na harang sa pasukan ng site.** Kung hindi ito posible, magpaskil ng mga karatula sa pasukan ng perimeter buffer area upang maiwasan ang hindi awtorisadong pag-access.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano panatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-8TL | Inilabas Hulyo 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagsasanay sa Biosecurity

Kung mayroon kang isang maliit na kawan sa likod ng bahay o isang malaking komersyal na sakahan, pinakamahusay na gumagana ang biosecurity kapag sinusunod ng lahat ang iyong mga pamamaraan sa bawat araw, bawat oras. Nangangailangan ito ng isang programa sa pagsasanay upang matiyak na ang sinumang may ugnayan sa iyong kawan — mga empleyado, tauhan sa serbisyo, at mga bisita ay alam ang eksaktong kailangan nilang gawin.

Karaniwang nangyayari ang hindi magandang pagsunod kapag hindi alam o nauunawaan ng mga tao ang mga panuntunan sa biosecurity o kapag walang kahihinatnan sa pagpapabaya sa kanila. Sa pamamagitan ng pagsasanay, maaari mong baguhin ang kultura sa iyong pasilidad upang gawin ang pagsunod sa biosecurity na isang regular na kaugalian.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, kaagad na tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono ng mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

| | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | |
| Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Tip sa Pagsasanay sa Biosecurity

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpapatubo na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

☐ **Sanayin ang lahat ng mga may-ari, tagapag-alaga, at iba pang regular na pumapasok sa manukan** – bago sila pumasok sa unang pagkakataon. Para sa mga empleyado na hindi nagsasalita ng Ingles, tiyaking nag-aalok ka ng pagsasanay at karatula sa wikang naiintindihan nila.

☐ **Alamin ang limang pangunahing hakbang na ito!** Dapat maunawaan ng sinumang pumapasok sa isang biosecure na lugar kung paano:

1. Makipag-ugnayan sa (mga) Coordinator ng Biosecurity;
2. Igalang ang Perimeter Buffer Area (PBA), kabilang ang pagparada sa tamang lugar;
3. Pumasok sa PBA gamit ang mga pamamaraan sa pagdating at pagpasok sa biosecure na lugar;
4. Tumawid sa Linya ng Paghihiwalay (LOS) sa bawat pamamaraan ng pagpasok sa biosecure na lugar; at
5. Magsagawa ng mga gawaing biosecurity na nakatalaga sa kanilang partikular na trabaho.

☐ **Laging isama ang mga pamamaraan na partikular sa lugar** sa iyong programa sa pagsasanay. Kung nais mo, maaari kang magdagdag ng anumang mga pamamaraan sa lugar o kumpanya.

☐ **Manatiling nauuna sa mga bisita.** Ipaalam sa mga kontratadong tauhan, tauhan sa serbisyo, kasangguni, at iba pang mga bisita ang tungkol sa iyong mga pamamaraan sa biosecurity bago sila makarating sa lugar. Maaari mong sabihin sa kanila nang maaga sa pamamagitan ng telepono o sa pagsulat.

☐ **Magbigay ng pagsasanay sa biosecurity taun-taon.** Itala lahat ng pagsasanay at ingatan ang mga talaan ng pagsasanay sa loob ng 3 taon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-9TL | Inilabas Oktubre 2019

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagkokoordina ng Biosecurity sa Iyong Lugar

Mahalagang parte ang mabuting biosecurity sa pagpapanatiling malusog ng iyong mga manok—at kinakailangan ang mabuting koordinasyon para mapanatili ito. Kaya kailangan ang coordinator ng biosecurity sa bawat pasilidad na may manukan. Binubuo ng coordinator ang plano sa biosecurity ng iyong lugar at sinisiguradong sinusunod ito ng lahat. May kaalaman dapat ang taong ito tungkol sa mga prinsipyo ng biosecurity, ngunit HINDI kinakailangang isang beterinaryo ng manok. Pinuno sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa biosecurity ang mga coordinator ng biosecurity. Pinangangasiwaan nila ang maliliit na detalye—at ang malalaki—upang gawin ang biosecurity na isang "araw-araw, sa bawat oras" na gawain.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, kaagad na tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono ng mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| **Beterinaryo** | ____________________ |
| **Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ____________________ |
| **Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ____________________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Tip sa Pagsasanay sa Biosecurity

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay para sa mga coordinator ng biosecurity sa anumang lokasyon o antas. Ang mga partikular na tungkulin ay nag-iiba depende sa uri at laki ng operasyon ng manok.

- ☐ **Magsimula sa iyong planong biosecurity sa** pamamagitan ng paggamit ng manu-manong impormasyon at template sa **poultrybiosecurity.org**. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpapatubo na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.
- ☐ **Suriin ang mga panganib sa iyong lugar at unahing tugunan ang pinakamalalaki.** Natatangi ang bawat lugar, na may sariling mga kalakasan at kahinaan sa biosecurity. Makatutulong sa iyong itakda ang iyong mga priyoridad kung alam mo ang mga ito.
- ☐ **Tumutok sa kung ano ang kaya mong kontrolin.** Ang isang praktikal na plano ang pinakamahusay na plano. Saklaw nito ang mga karaniwang pamamaraan sa lugar, na may malinaw na mga hakbang na maaaring sundin ng mga tao.
- ☐ **Makipagtulungan sa mga tauhan sa site** upang maisagawa ang plano sa biosecurity. May bahagi ang bawat empleyado sa pananatiling biosecure ng paligid at sa pangangalaga sa kawan, may kinalaman man ito sa istruktura o ayos ng pasilidad o sa pang araw-araw na gawain ng pangangalaga sa mga ibon.
- ☐ **Sanayin ang lahat ng mga tauhan na** regular na pumapasok sa lugar sa mga protokol ng biosecurity at itala ang pagsasanay na ito.
- ☐ **Siguruhin na ang plano ay sinusunod.** Kung ang mga protocol ng biosecurity ay nilabag, gumawa ng pagwawasto.
- ☐ **Suriin ang plano bawat taon** o anumang oras na mayroong pagbabago sa lugar na nakakaapekto sa biosecurity. Itala ang pagsusuring ito at i-update ang plano kung kinakailangan.
- ☐ **Ibagay ang planong biosecurity upang matugunan ang mga nagbabagong panganib o rekomendasyon.** Halimbawa, kung mayroong isang lokal na epidemya ng avian influenza, isaalang-alang ang pagpapabuti ng mga hakbang sa biosecurity at isulat itong mga pansamantala't mas mahigpit na pagkilos sa plano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-10TL | Inilabas Oktubre 2019

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Ligtas na Pagtatapon ng mga Patay na Ibon

Ito ay isang hindi maiiwasan at kapus-palad na katotohanan: haharapin mo ang mga pagkamatay sa iyong kawan. Nakasalalay sa laki ng iyong kawan, tipo ng mga manok na iyong pinalalaki, at kung saan ang lokasyon mo sa pinakamahusay na paraan sa pagtatapon ng mga ibon. Kailangan mong malaman kung ano ang pinapayagan sa iyong lugar (nag-iiba ang mga patakaran kada Estado) at kung paano pangasiwaan ang ligtas na pagtatapon. Ito ay mahalagang bahagi ng mabuting biosecurity. Sa pamamagitan ng pagpaplano nang maaga at paggamit ng mga tamang paraan, maaari mong pababain ang panganib ng pagdadala ng bagong mikrobyo o sakit sa iyong pag-aari at mapangalagaan ang iyong kawan mula sa mas marami pang pinsala.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, kaagad na tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono ng mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Maysakit o Patay na Ibon

Kung nakakita ka ng maraming mga namatay o namamatay na ibon sa iyong kawan o iba pang mga palatandaan ng sakit, umaksyon agad!

| | Numero ng Telepono |
|---|---|
| **Beterinaryo** | ______________ |
| **Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ______________ |
| **Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ______________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga tip para sa Ligtas na Pagtapon ng mga Patay na Ibon

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpapatubo na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- ☐ **Magplano nang maaga!** Isama ang mga pamamaraan para sa pagtatapon ng patay na hayop sa iyong plano sa biosecurity. Kakailanganin mo ang mga nakagawiang pamamaraan para sa lahat ng mga patay na ibon gamit ang normal na dami ng namamatay, kasama ang plano sa anumang maaaring mangyari sa malakihang bilang ng pagkamatay.

- ☐ **Siguraduhin na sinasaklaw ng iyong mga pamamaraan ang mga pangunahing kaalamang ito:**
  - Sinusunod ng pamamaraan sa pagtatapon ang lahat ng mga lokal, pang-Estado, at pang-Pederal na batas.
  - Kung gumagamit ng serbisyo ng pickup, ilarawan kung paano inilipat ang mga patay na ibon sa lokasyon ng pickup at ipakita na ang mga sasakyan / kagamitan sa lokasyon ng pickup ay hindi kailanman tumatawid sa perimeter buffer area.
  - Iguhit ang kilos ng mga patay na hayop sa mapa ng lugar, o ipaliwanag ang mga ito sa ilang iba pang malinaw na paraan.

- ☐ **Kolektahin ang lahat ng mga patay na ibon sa lalong madaling panahon,** kahit isang beses bawat araw.

- ☐ **Itabi o itapon ang mga bangkay sa paraang hindi nakakaakit ng mga ligaw na ibon, daga, insekto, o iba pang mga hayop.** Kailangang may masisikip na takip ang mga timbang gamit sa koleksyon, at kailangang maayos na tabunan ang mga hukay para hindi makalkal ng mga naglulungga.

- ☐ **Iwasan ang kontaminasyong mula sa mga kagamitan at sasakyan.** Linisin at i-disinfect ang mga ito bago at pagkatapos umalis sa bukid. Huwag gamitin ang mga kagamitan at sasakyan na para sa pagpapakain, pangangasiwa ng dumi at patay na hayop, at pag-aayos ng hayop, maliban kung lilinisin mo ang mga ito bago gamitin para sa ibang gawain.

- ☐ **Bumisita ng mga lugar tapunan sa pagtatapos ng araw** upang maiwasan ang pagdadala ng mga kontaminado mula bukid sa bukid.

### Mga pamamaraan ng pagtatapon

*Maaaring kabilang ang pag-aabono, pagsusunog, paglilibing, o pagsasalin sa mga pamamaraan ng pagtatapon. Para sa karamihan ng mga lugar at lahat ng sukat ng kawan, mas biosecure ang pagtatapon sa loob kaysa dalahin ang mga patay na hayop sa labas.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-11TL | Inilabas Oktubre 2019

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

**USDA**

**United States Department of Agriculture**

# Checklist para sa Pamamahala ng Ipot ng Manok at Litter

Kapag nagpapalaki o nangangasiwa ka ng manukan, kailangan mong harapin ang ipot ng manok. Depende sa kung paano mo palakihin ang iyong mga ibon, maaaring kailangan mo ring itapon ang ginamit na mga litter ng manok. Ang pamamahala ng mga materyal na ito nang maayos ay isang pangunahing bahagi ng biosecurity. Ang avian influenza virus ay maaaring mabuhay sa ipot ng manok at litter ng mahabang panahon, at ang mga bagay na ito ay maaaring magdala ng iba pang mga kontaminasyon.

Kaya, paano mo pinamamahalaan ng ligtas ang ipot ng manok at litter? Maaari kang gumawa ng ilang mga simpleng hakbang upang maprotektahan ang iyong kawan araw-araw at magplano nang maaga upang bantayan sila mula sa pagkalat ng sakit sa panahon ng biglang paglabas ng sakit.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| **Beterinaryo** | ____________ |
| **Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba** | ____________ |
| **Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok** | ____________ |
| **USDA** | **866.536.7593** |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Pamamahala ng Ipot ng Manok at Litter

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Suriin ang iyong lugar at mga pagpipilian para sa pag-alis, pag-iimbak, at pagtatapon ng ipot ng manok at ginamit na litter.** Ito ay maaaring nasa lugar o wala sa lugar. Ang tamang diskarte ay nakasalalay sa mga species at bilang ng mga ibon at uri ng sistema ng pabahay sa iyong pasilidad.

- [ ] **Tukuyin ang saklaw:** Anong mga uri ng ipot ng manok at litter ang kailangan mong pamahalaan sa iyong lugar, at kung ilan ang naipon sa isang naitakdang oras?

- [ ] **Mag-set up ng mga karaniwang pamamaraan na sumasaklaw sa mga pangunahing kaalaman:**
  - Pagkolekta, transportasyon, pag-iimbak, at/o paggamit ng ipot ng manok
  - Anumang mga batas sa Estado o lokal na naaangkop
  - Problemang pangkalikasan
  - Pagkontrol ng ligaw na hayop, insekto, at hayop na gaya ng daga

- [ ] **Bumuo ng isang backup na plano para sa pangmatagalang imbakan sa isang mahabang pagkalat ng sakit.** Ang pagkalat o pag-iimbak ng ipot ng manok at litter sa labas ng lugar ay maaaring hindi pinapayagan depende sa panganib ng pagkalat ng virus.

- [ ] **Linisin at disimpektahin ang** anumang mga sasakyan at kagamitan na ginagamit sa pag-alis ng ipot ng manok BAGO sila dumating sa lugar.

- [ ] Alisin ang lahat ng ipot ng manok at litter mula sa bahay ng manok at gumawa ng isang kumpletong paglilinis at pagdidisimpekta **bago magdagdag ng anumang mga ibon.**

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-12TL | Inilabas Pebrero 2020

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagpapanatili ng Ligtas na Suplay ng Tubig

Ang pagkakaroon ng dekalidad na tubig sa iyong lugar ay isang mahalagang bahagi ng biosecurity. Ang iyong mga manok ay nangangailangan ng malinis, ligtas na tubig na maiinom, at kailangan mo ito upang palamigin ang iyong mga ibon at linisin ang iyong mga pasilidad at kagamitan nang hindi kinokontamina ang mga ito. Ang tubig ay maaaring magdala ng mga ahente ng sakit, kaya ang mga desisyon na iyong gagawin sa kung paano ka kukuha o gamutin ang iyong tubig ay mahalaga upang maprotektahan ang kalusugan ng iyong mga ibon.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad!

| | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ______________ |
| Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ______________ |
| Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ______________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Pagpapanatili ng Ligtas na Suplay ng Tubig

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Gumamit ng tubig mula sa isang nakapaloob na suplay ng tubig** (balon o munisipal na sistema) para sa pang-inom, evaporative cooling, at paglilinis tuwing posible. Ito ang pinaka-biosecure na mapagkukunan ng tubig para sa mga manok.

- [ ] **Kung kailangan mong gumamit ng tubig sa ibabaw, i-sanitize muna ito!** Ang mga lawa, sapa, at iba pang tubig sa ibabaw ay maaaring magdala ng mga mikrobyong sanhi ng sakit. Ang pag-sanitize sa tubig ay papatayin ang mga mikrobyo na ito.

- [ ] **Suriin ang anumang tubig na ginamit sa loob ng iyong mga gusali ng manukan para sa bakterya.** Ang regular na pagsusuri ay magbibigay sa iyo ng isang pangkalahatang ideya kung gaano kalinis ang iyong sistema ng tubig. Kung ang mga bilang ng bakterya ay masyadong mataas (higit sa pinakamataas na katanggap-tanggap na antas), malalaman mong kailangan mong i-sanitize ang tubig.

- [ ] **Kumunsulta sa mga eksperto kapag pumipili ng mga pamamaraan ng paggamot sa tubig.** Ang tamang pamamaraan ay nag-iiba batay sa maraming mga kadahilanan. Halimbawa, kung ang suplay ng tubig ng iyong manukan ay naglalaman ng ilang mga bakuna, kailangan mong gumamit ng paggamot sa tubig na hindi papatayin ang bakuna. Matutulungan ka ng mga eksperto na pumili ng mga paggamot sa tubig na epektibo at hindi makakasama sa iyong kawan o sistema ng tubig.

- [ ] **Isulat ito.** Isama sa iyong planong biosecurity ang mga hakbang na ginawa upang maibigay ang hindi kontaminadong tubig sa iyong mga ibon. Maaaring kabilang dito ang mga nakasulat na pamamaraan ng kalinisan ng tubig, mga log sheet ng paggamot ng tubig, at gabay para sa mga tagapag-alaga.

- [ ] **Kung hindi posible ang paggamot sa tubig, isama ang mga alternatibo sa iyong planong biosecurity.** Ipaliwanag kung paano mo isinasaalang-alang ang mga panganib ng hindi ginamot na sistema at ang mga hakbang na iyong ginagawa upang mabawasan ang mga panganib.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-13TL | Inilabas Pebrero 2020

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagkain ng Manok at Pamalit na Litter

Ang pagkain at malinis na litter ay dalawang mga bagay na kailangan mong magkaroon ng sapat na suplay sa iyong pasilidad ng manukan. Maaari rin silang maka-akit ng hindi kanais-nais na atensyon mula sa ligaw na hayop, hayop na gaya ng mga daga, at mga insekto. Mahalagang tanggapin, iimbak, at hawakan nang mabuti ang mga item na ito upang mabawasan ang pagkakataon ng kontaminasyon. Sa pamamagitan ng paggawa ng ilang simpleng hakbang, masisiguro mong ligtas ang iyong mga pagkain ng manok at litter at hindi magdala ng mga mikrobyo na maaaring maging sanhi ng sakit sa iyong mga ibon.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Pagkain ng Manok at Pamalit na Litter

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpaparami na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- [ ] **Tiyaking nasasakop ang mga trailer na naghahatid** upang maiwasan ang kontaminasyon ng mga pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa panahon ng transportasyon sa bukid.
- [ ] Itago ang pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa mga **saradong mga sisidlan o gusali** upang maiwasan ang kontaminasyon.
- [ ] **Mag-ingat kapag naglilipat ng nakaimbak na pagkain, mga sangkap ng pagkain, at sariwang litter sa mga bahay ng manok.** Gumamit lamang ng mga malinis at nadisimpekta na kagamitan, o mas mahusay pa, ang mga kagamitan na nakatuon lamang sa paghawak ng pagkain at sariwang litter.
- [ ] **Linisin ang anumang tapon sa lalong madaling panahon** upang mabawasan ang pagkakataon na maakit ang ligaw na hayop at mga hayop gaya ng daga.
- [ ] **Panatilihin ang anumang mga naka-bag na pagkain sa itaas ng sahig at magkaroon ng mga panukalang kontrol sa mga hayop gaya ng daga.**
- [ ] **Gumawa ng pang-araw-araw na pagsusuri para sa mga natapon na pagkain.** Kilalanin kung saan nangyari ang mga tapon ng pagkain at gumawa ng aksyon upang mabawasan ang mga ito.
- [ ] **Isulat ito.** Isama sa iyong plano ng biosecurity ang mga hakbang na kinuha sa iyong site upang maprotektahan ang mga pagkain ng manok at litter laban sa kontaminasyon mula sa mga ligaw na ibon, mga hayop tulad ng daga, insekto, at iba pang mga hayop. Maaaring kabilang dito ang mga nakasulat na protokol, mga log sheet, at gabay para sa mga kontratista.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-14TL | Inilabas Pebrero 2020

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pag-audit ng Biosecurity

Kung nakikilahok ka sa National Poultry Improvement Plan (NPIP), matugunan ang ilang mga kinakailangan sa laki ng kawan, at nais na maging karapat-dapat sa pinakamataas na bayad pinsala kung ang lubhang pathogenic na avian influenza ay tamaan ang iyong kawan, kakailanganin mong kumpletuhin ang mga regular na pag-audit ng biosecurity. Ang mga pag-audit na nakabase sa papel na ito kasama ang iyong NPIP Opisyal na Ahente ng Estado ay sinisiguro na mayroon kang isang matatag na planong biosecurity at sinusunod ito.

Kahit na ang pag-audit ay hindi kinakailangan para sa iba pang mga kawan, ang U.S. Department of Agriculture (USDA) ay hinihikayat ang lahat ng mga nag-aalaga ng manok na sundin ang gabay ng biosecurity ng NPIP. Isa ito sa mga pinakamabisang paraan upang mabawasan ang panganib ng pagpasok ng mga sakit sa iyong kawan.

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | |
| Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | |
| Beterinaryo ng Estado/Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Biosecurity Auditing: Ano ang Inaasahan

Kung ikaw ay isang kalahok ng NPIP at karapat-dapat na ma-audit batay sa laki ng iyong kawan, narito ang isang pangkalahatang-ideya ng kung ano ang maaari mong asahan sa panahon ng pag-audit.

- **Ang isang audit ng biosecurity ay isang pag-audit na nakabase sa papel.** Panatilihin ang iyong planong biosecurity at lahat ng nauugnay na dokumentasyon sa isang lugar na madali para sa iyo at/o ng auditor na ma-access. Ang NPIP Opisyal na Ahente ng Estado ay magpapasya kung makumpleto ang pag-audit sa personal (kasama ang mga talaan) o sa elektronik.

- **Titingnan ng auditor** sa planong biosecurity, ang mga materyales sa pagsasanay, dokumentasyon na isinasagawa ang mga prinsipyo ng NPIP, mga talaan ng anumang mga pagkilos ng pagwawasto na ginawa, at taunang pagsusuri ng biosecurity coordinator.

- **Ang mga pag-audit ay magaganap nang hindi bababa sa isang beses bawat 2 taon**, o sapat na bilang sa panahong iyon para sa NPIP Opisyal na Ahente ng Estado upang matiyak ang pagsunod.

- **Kung nabigo ka sa paunang pag-audit, maaari kang humiling ng isang "check audit."** Ang onsite audit na ito ay isinasagawa ng isang pangkat, kabilang ang isang dalubhasa sa manukan mula sa USDA, ang NPIP Opisyal na Ahente ng Estado, at isang lisensyado, akreditadong beterinaryo ng manok na pamilyar sa uri ng iyong operasyon.

- **Matapos makumpleto ang isang pag-audit ng tseke** at pagpapakita na gumawa ka ng mga pagwawasto ng aksyon, maibabalik ka bilang sumusunod sa mga alituntunin ng biosecurity ng NPIP.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-15TL | Inilabas Pebrero 2020

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.

USDA

United States Department of Agriculture

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

# Nagmamamay-ari o nagtatrabaho ka ba sa manukan?

## Magkasama nating panatilihing malusog ang ating mga manok.

Serbisyo sa Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman

# Gamitin ang mga pangunahing tip na ito upang mapanatiling malusog ang iyong mga ibon at maiwasan ang pagkalat ng malulubhang sakit tulad ng avian influenza at makamandag na Newcastle.

**1. Laging isagawa ang mabuting biosecurity.**

Suriin ang 14 na Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan (NPIP) Mga Prinsipyo ng Biosecurity (www.poultryimprovement.org/documents/StandardE-BiosecurityPrinciples.pdf) at lumikha ng isang plano ng biosecurity para sa iyong lugar.

**2. Tandaan na hugasan ang inyong mga kamay bago at pagkatapos lumapit sa mga manok.**

Kung wala kang sabon at tubig, gumamit ng hand sanitizer.

**3. Protektahan ang iyong sarili.**

Huwag halikan o yakapin ang iyong mga ibon.

**4. Protektahan ang iyong manukan.**

Maglagay ng mga programa sa pamamahala sa lugar para sa mga ligaw na ibon (kabilang ang kanilang mga dumi at pakpak), mga daga, at mga insekto. Linisin at disimpektahin ang anumang kagamitan sa manukan bago at pagkatapos gamitin.

**5. Subaybayan ang kalusugan ng iyong kawan.**

Alamin ang mga palatandaan ng sakit at suriin ang iyong kawan araw-araw para sa anumang mga palatandaan ng sakit. I-kuwarentina kaagad ang mga ibong may-sakit.

**6. I-ulat ang mga ibong may-sakit!**

Tumawag nang walang bayad sa USDA sa **1.866.536.7593** upang maabot ang aming mga beterinaryo. Maaaring suriin ng USDA ang inyong mga ibon nang libre upang siguruhing wala silang malubhang sakit ng manok.

DEFEND THE FLOCK

BIOSECURITY

Para sa mga libreng mapagkukunan at upang higit pang malaman ang tungkol sa mabuting biosecurity, bisitahin ang:
**www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock**

*Magkasama Nating Panatilihing Malusog ang Ating mga Manok*

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon.
Tulong sa Programa Blg. 2248TL • Inilabas Setyembre 2019